



Archived Content

Information identified as archived is provided for reference, research or recordkeeping purposes. It is not subject to the Government of Canada Web Standards and has not been altered or updated since it was archived. Some of this archived content is available only in one official language. Translation by CMHC can be requested and will be provided if demand is sufficient.

Contenu archivé

Le contenu identifié comme archivé est fourni à des fins de référence, de recherche ou de tenue des dossiers; il n'est pas assujéti aux normes Web du gouvernement du Canada. Aucune modification ou mise à jour n'y a été apportée depuis son archivage. Une partie du contenu archivé n'existe que dans une seule des langues officielles. La SCHL en fera la traduction dans l'autre langue officielle si la demande est suffisante.

ANG ABAKADA NG KONDOMINYUM


Paano Pumili ng Tamang Kondominyum para sa Iyong Pangangailangan



Alam ng sinumang nagnais bumili ng kondominyum na mayroong klase ng kondominyum na uugma sa tipo ng mga taong nagnanais tumira sa isa. Ang kondominyum ay maaring may isa o higit pang mga palapag, pang-dalawahan, pang-tatluhan, nakahiwalay, nasa lupang pangkomunidad, o kung hindi kaya ay may kakabit na pangkomersiyong lugar.

Kung ikaw ay nagnanais bumili ng kondominyum, ang Canada Mortgage and Housing Corporation (CMHC) ay nagbibigay ng mga sumusunod na impormasyon upang tulungan kang humanap ng iyong tahanan na uugma sa iyong mga pangangailangan, kagustuhan at kakayahang pampinansiyal:

- Sa pagpili ng bagong kondominyum, importanteng iyong malaman kung ano ang kasama o hindi sa presyong iyong babayaran. Halimbawa, mayroong bang pasilidad para sa pool o paradahan? Paano binabayaran ang paggamit sa mga amenidad na ito? Kasama ba sa presyong babayaran ang pintura sa loob ng bahay? Mayroon bang mga ibang bayad na hindi kasama sa presyong iyong babayaran sa pagbili ng iyong kondominyum na kinakailangan mong malaman? Kasama ba sa buwanang bayad sa kondominyum ang bayad para sa elektrisidad, gas at tubig? Ang sagot sa mga katanungang ito ay mahalaga para maikumpara mo ang kabuuang bayad o gastusin sa iba't-ibang kondominyum na iyong kinukunsiderang bilhin.
- Ang bawat kondominyum ay may kanya-kanyang regulasyon na kailangang sundin ng mga residente. Halimbawa ng mga ito ay mga restriksyon sa dami ng residente bawat bahay, sa dami ng mga alagang hayop, sa ingay, sa pagparada ng iyong sasakyan at sa mga pasilidad na maaari mong gamitin. Ang mga regulasyong ito ay upang tiyakin na ang kondominyum ay mapapangalagaan nang husto at mamementina. Ito ay para rin sa iyong proteksiyon upang siguraduhin na ang iyong pamumuhay sa loob ng kondominyum ay matiwasay at tahimik. Bago ka magdesisyon o pumili ng isang kondominyum, siguraduhin na iyong nabasa ang mga regulasyon at ikaw ay komportable o sumasang-ayon dito. Maaari mong makuha ang impormasyong ito sa may-ari ng kondominyum, sa namamahala ng kondominyum o sa kagawaran ng mga director (Board of Directors) ng kondominyum.
- Ang hangganan ng indibidwal na yunit ay iba't-iba sa bawat kondominyum. Sa ibang kondominyum, ang hangganan ng iyong bahay ay maaaring hanggang sa likod ng panloob na haligi. Sa iba naman, ang hangganan ay maaaring hanggang sa gitna ng haligi. Ito ay isang importanteng sukat kaya kinakailangan mong malaman kung hanggang saan ang iyong pagmamay-ari, lalo na kung ikaw ay nagbabalak ng renobasyon o alterasyon.
- Sa mga kondominyum na tinatawag na “freehold,” ang iyong pagmamay-ari ay sumasakop sa kabuuan ng bahay, kasama ang mga panlabas na haligi, bubong at lupang pumapaligid sa pamamahay. Bago ka bumili, kinakailangan mong malaman ang hangganan ng iyong kondominyum.
- Ang iyong kondominyum ay maari ring may tinatawag na “exclusive use common property elements” o lugar na hindi kasama sa hangganan ng iyong yunit ngunit ito ay nakareserba para sa iyong eksklusibong gamit. Halimbawa dito ay ang balkonahe, paradahan, lugar para pag-imbakan ng iyong mga gamit, garahe, at hardin. Kahit na ito ay para sa iyong eksklusibong gamit, may mga restriksyon kung paaano mo ito maaaring gamitin. Halimbawa, hindi mo maaaring iparada ang iyong bangka, sasakyang-pangrekreasyon o sasakyang gamit sa komersiyo sa iyong paradahan. Maaaring may restriksyon din sa mga bagay na maaari mong ilagay sa iyong balkonahe. Kung sa palagay mo ay maaaring magkaroon ng hindi pagkakaunawaan sa anumang gusto mong gawin sa iyong eksklusibong lugar, kinakailangan mo itong klaruhin sa pamahalaan ng kondominyum bago ka pumirma,



Ang abakada ng kondominyum Paano Pumili ng Tamang Kondominyum para sa Iyong Pangangailangan

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iyong libreng kopya ng *Condominium Buyers' Guide* (Gabay sa Pagbili ng Kondominyum) o sa mga impormasyon sa pagbili, pangangalaga o renobasyon ng iyong tahanan, tumawag sa CMHC nang libre sa numerong 1-800-668-6242 o bisitahin sa internet ang www.cmhc.ca. Sa mahigit na animnapung (60) taon bilang ahensiyang nasyonal sa pabahay ng Canada, ang CMHC ay nananatiling ang tanging pinagkakatiwalaang pinagmumulan ng bihasang impormasyon sa pabahay.

Para sa suhestiyon tungkol sa artikulo sa hinaharap o para makausap ang mga eksperto sa CMHC, tumawag sa CMHC Media Relations – National Office sa numero (613)-748-4684 o sumulat sa pamamagitan ng Internet sa media@cmhc-schl.gc.ca